Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
Rehiyon VI-Kanlurang Visayas
Sangay ng Lungsod ng Kabankalan

**PANSANGAY NA PALIBOT-LIHAM**
Blg. 194, s. 2024

JUL 24 2024

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2024**

SA: Pansangay na Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, CID at SGOD
Superbisor ng Programang Pang-edukasyon
Pandistritong Superbisor ng Publikong Paaralan
Puno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan
Pampaaralang Tagapag-ugnay sa Filipino

1. Alinsunod sa itinakdang proklamasyon Bilang 1041 s. 1997, na nagpapahayag ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kapulungan Bilang 08-12 Serye 2024 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO WIKANG MAPAGPALAYA".**

2. Layunin ng Buwan ng Wika 2024 ang mga sumusunod:

A. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
B. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
C. Mahikayat ang lahat ng mga publiko at pribadong paaralan na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika; at
D. Magganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa

3. Narito ang limang lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang :

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 1 – 3<br>(Unang Linggo) | Pagkilala at pagtaguyod sa Filipino Sign Language (FSL) tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran |
| Agosto 5 – 10<br>(Ikalawang Linggo) | Sistematiko at maka – Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran |
| Agosto 12 – 17<br>(Ikatlong Linggo) | Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Scientific Research |
| Agosto 19 – 23<br>(Ikaapat na Linggo) | Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa |
| Agosto 26 – 31<br>(Ikalimang Linggo) | Paglaban sa Misinformation (fact checking) |

4. Lahat ng pampubliko at pribadong paaralan ay hinihikayat na makilahok sa pamamagitan ng pagdaraos ng Buwan ng Wika sa naturang mga paaralan. Hinihikayat din ang pagsumite ng naratibong ulat ng mga paaralang nagsagawa ng mga aktibidad kaugnay sa pagdiriwang na ito sa o bago ang ika-4 ng Setyembre 2024 kay Gng. Jenelyn T. Argamaso, EPS sa Filipino.

5. Bilang Kulminasyon ng pagdiriwang, magkakaroon ng **Piyesta sa Nayon** sa Old Conference Hall ng Dibisyon sa ika-30 ng Agosto, 2024, alas tres ng hapon. Hinihikayat na magkaroon ng partisipasyon ang bawat yunit ng Dibisyon. Gayunpaman, hinihikayat rin ang pagsuot ng kasuotang Pilipino sa araw na ito bilang pagpapahalaga sa nasambit na pagdiriwang.

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph

6. Nauunawaan na sa panahon ng aktibidad, hindi dapat magkaroon ng diskriminasyon dahil sa edad, kasarian, katayuan sa buhay, relihiyon, kapansanan, lahi, kaanib sa pulitika, o anumang katulad na salik o pangyayari na labag sa mga prinsipyo ng pantay na pagkakataon, tulad ng nakasaad sa Division Memorandum No. 064, s. 2024, na pinamagatang, "Guidelines on the Implementation of the Equal Opportunity Principle" (EOP) sa Human Resource Management Systems ng Sangay ng Lungsod ng Kabankalan.

7. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnay kay **JENELYN T. ARGAMASO**, EPS sa Filipino sa 09507595794.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap sa kinauukulan ng Palibot-liham na ito.

**MICHELL L. ACOYONG, CESO VI**
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pansamantalang Nanunungkulang Opisyal
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Address: Tayum Street, Barangay 8, Kabankalan City, Negros Occidental
Telephone Number: 471-2004 | 471-2003
E-mail: kabankalan.city001@deped.gov.ph